# Ang Agila sa Bakod

Noong unang panahon, may isang magandang maliit na lugar sa Pangasinan.Walang nakakaalam ng pangalan nito.

Isang gabi, nagtipon-tipon ang mga tao dahil nakakita sila ng agila na dumapo sa bakod.

"Ang laki ng agila!" sabi nila.

"Hulihin natin!" sigaw ng isang lalaki.

"Di natin mahuhuli kasi mataas ang lipad. Magaling at mailap ang ibong iyan! Hayaan na lang nating dumapo-dapo sa ating paligid," sabi ng isa.

Kaya hinayaan na lang nilang umikot ang ibon. Sa oras na iyon, may dumaan na isang grupo ng mga bisita. Nagtanong ang mga ito

kung ano ang pangalan ng lugar at kung bakit maraming tao doon.

"May dumapo na agila doon sa bakod," malakas na sagot ng isang matanda.

Nakisali sa panonood ang mga bisita sa mga tao at namangha rin sila sa laki at ganda ng agila.

Matagal na nagpaikot-ikot sa kanilang lugar ang agila. Kasama na nila ito sa araw-araw. Sa umaga, lagi nila itong nakikita. Sa gabi, madalas nakadapo ito sa bakod. Napamahal na sa mga tao ang agila. Di nagtagal naging maamo sa kanila ang ibon.

Isang araw, nag-usap-usap ang matatanda dahil gusto na nilang bigyan ng pangalan ang kanilang lugar. Nagkasundo sila na ipangalan nila ito sa malaking agila. Pumayag ang lahat. Ang naging pangalan ay Aguilar, na ibig sabihin ay agila na nasa bakod (alar).

Pero isang umaga, hindi na nila muling nakita ang ibon. Natuwa na rin ang mga tao dahil nagkaroon na ng pangalan ang kanilang lugar.